

# IFI PAGPAPAHAYAG

“Nasa kaibuturan ng bawat nilalang ang paggamit ng kapaligiran upang pagandahin at bigyan ng kaluluwa at kabuluhan.

Ang pinagandang kapaligiran ay dapat magbigay ng magandang dahilan sa ating buhay at mataimtim na kahulugan.

Sa kapaligiran na may kahulugan sa ating buhay, ay dapat magbigay ng matatag na tinatayuan, nagbibigay nang taglay na katauhan at paalaala kung ano ang pinakamataas nating hangarin na makakamtan sa pamamagitan ng aral, muni-muni, gunita, tuklas at likha.

Hindi mahihwalay ang malikhaing katutubo tungo sa pagbuo, pagpaganda, pag-ugnay sa katauhan sa larangan ng kaisipan, kuru-kuro, layunin at diwa.

Bilang isang tagapag-alay nang kagandahan, ito ang nagsilbing landas upang matugon ang pangangailangan ng isang katauhan at nagsisilbing daan upang mag-isip, tumuklas at lumikha.

Ginagamit ang pinagandang kapaligiran na humuhubog sa adhika ng isang katauhan. Isinasagawa natin ang ating tungkulin sa pinakamataas na pagtupad at pagpapahalaga sa ating likas na kayamanan sa pangmatagalan. Naglilikha tayo para sa kalusugan, kaligtasan at kabutihan ng lahat nang makikinabang.

Sapagkat ang ating adhika ay ipaglikha ang isang katauhan, sila ang sanhi ng pag-alay natin ng ating kadalubhasaan.

Hinuhubog natin ang bawat sulok ng kapaligiran upang maibigay, maipadama, maipahiwatig sa isang katauhan. Ito ang ating hangarin, ang ating adhikain at ating alay sa ikabubuti ng lipunan.

Ito rin ang nagpapatunay na makamtam, na sa ganitong paraan nakikinabang bilang dalubhasa sa sining na ito,

at siya rin ang nakahain sa isang katauhan. Gayundin ang pagpapahalaga ng nilikha para sa lipunan at sa aming mga sarili. Ito ang pagkakakiba ng ating gawain at dahilan din kung bakit napili natin itong kagalang-galang at marangal na sining na ito.”

## KAHALAGAHAN

“Tinataglay ng sining na ito kung paano mamuno at mangasiwa sa pagbuo ng kapisanan at pag-uugnay kabilang na ang pagtuklas, pagsasalín at pagtataya sa kaangkupan, sa pagtataguyod at pagpapaunlad ng mga pagbabago sa panloob na bahagi ng tahanan sa mga katauhan na gumagamit nito.

Nagdudulot ito ng matipid, masinop, maganda at mahusay na pakikipag-kapwa sa mga pinagsisilbihan upang maunawaan itong mabuti at matulungan sila na bumuo ng matalinong pagpapasya kung ano ang mas mainam para sa mga gagamit nito.

Iminumungkahi ang pagsusulong sa sining na ito na manguna sa mga pananaliksik sa pagpapaunlad ng mga mahusay na pag-aaral, na nakatuon sa katawan, damdamin at kaluluwa, at nakagawiang pagkilos na katangian ng mga katauhan na gumagamit nito.”

## KAUGNAY

“Nagtatakda ang sining na ito sa katuparan ng mga nilikha sa kahilingan na maibigay ang inaasahang karanasang pangkatauhan sa lahat ng antas.

Layunin natin na maisalin ang agham na ito sa anyo ng kagandahang pumupukaw sa ating buong kaayusan.

Kami ay nakikinig, nagmamasid, nagsusuri, lumilikha, ng mga katutubong likhain, at adhikain sa mga paligid na may tinataglay na kabuluhan.”

## TUNGKULIN

“Bilang mga dalubhasa sa pagbuo ng kapaligiran, ang tungkulin ng bawat isa sa atin ay ipaliwanag kung paano ito isinasagawa at ano ang inaasahang kadalubhasaan

sa paraang naiintindihan din ng madlangbayan.

Tungkulin din namin na pag-ibayuhin ang sining na ito tungo sa ikabubuti ng buong mundo.”

## KULTURA

“Bilang isang malikhain, nagiging paraan ito sa pagpapaunlad ng kalinangan. May kakayahan itong maging isang tagalikha ng tungkulin na nagpapahiwatig, nagsasalín, at bumabago sa ating kalinangan.

Ibig sabihin, sa buong mundo, tungkulin natin na magbigay ng pagpapahalaga at pagkakaiba-iba ng mga kalinangan.”

## NEGOSYO

“Ang sining na ito ay may katumbas na halaga para sa lahat ng kabilang dito. Kasama nito ang pagpapabuti sa anyo ng ating pagkatao bilang sanhi sa pag-unlad ng kaunlaran. Bahagi nito ang matalinong pangangasiwa na nagbubunga sa iba-ibang mapagkakakitaan. Kami rin ay naniniwala at nagpapahalaga sa mataas na aral upang matamo dito ang pakinabang at kamalayan ng sining na ito.”

## KAALAMAN

“Mahalaga ang likas na kaalaman sa pagsasanay sa mga larangan ng sining na ito. Sa pamamagitan ng pinagsanib na sining, kaisipan, at agham-tao, nakakatulong ito sa pagbuo ng kalawakan at kahusayan ng tungkulin na kailangan sa sining na ito.”

## PAGKAKAILANLAN

“Tinutukoy natin ang ugnayan ng katauhan batay sa kaisipan at katawan na pamantayan tungo sa higit na ikagaganda ng anyo ng ating pamumuhay.”